
# Sa Aming Mga Dayuhang Customer

Mangyaring malaman na para makapagbukas ng deposit bank account, kinakailangan ang sumusunod na mga dokumento.
Pakihanda at pakidala ang mga nabanggit na item sa iyong pagbisita para magbukas ng account sa isang shinkin bank.

## 《 Mga dokumentong kinakailangan para sa pagbubukas ng bank account 》

### Dokumento ng personal na pagkakakilanlan

**(Specimen) Card ng Paninirahan**





Pinagkunan: Website ng Immigration Bureau ng Japan

- Dapat na ipinapakita ng dokumento ng personal na pagkakakilanlan ang litrato ng nagmamay-ari at ang pangalan, address (sa Japan), at petsa ng kapanganakan ng nagmamay-ari.

Halimbawa:
- Card ng paninirahan
- Espesyal na certificate para sa permanenteng residente
- Card ng indibidwal na numero
- Pasaporte

* Maaaring kasama sa proseso ng pagbubukas ng account ang pag-verify sa tagal ng pananatili sa Japan ng nag-a-apply. Maaaring hilingin sa nag-a-apply na magpakita ng mahigit sa isang dokumento ng personal na pagkakakilanlan.

### Pag-imprenta ng selyo




- Sa panahon ng pagbubukas ng account, dapat na kumpletuhin ang form sa pag-a-apply gamit ang pag-imprenta ng selyo ng nag-a-apply. Pakitandaan na tinatanggap din ng iba't ibang institusyon sa pananalapi ang lagda ng nag-a-apply bilang alternatibo.
- Kapag nag-order ka ng selyo, pakisabihan ang tindahan na dapat magkwalipika ang selyo para sa mga transaksyon sa bangko.

### Iba pang bagay

- Kapag nag-a-apply para sa isang bank account, mangyaring magdala rin ng ID ng empleyado o iba pang dokumento na makakapagpatunay sa katayuan sa pagtatrabaho ng nag-a-apply.
- Pakitandaan na para sa mga layunin ng pagpapatunay, maaaring kasama sa proseso ng pag-a-apply ang pagtawag sa telepono sa lugar na pinagtatrabahuhan ng nag-a-apply.
- Dapat na humingi ng tulong ang mga nag-a-apply na nangangailangan ng suporta sa wikang Japanese mula sa isang taong kasama sa trabaho, atbp.
- Dapat na dalhin ng mga mag-aaral ang kanilang ID sa paaralan.
- Alinsunod sa batas, maaaring i-verify ng bangko ang bansang tinitirhan ng nag-a-apply para sa mga layunin ng buwis at kung saklaw ba ng pagbubuwis ng US ang nag-a-apply, at maaaring kailangan ang taxpayer identification number ng nag-a-apply.

* Mangyaring sumunod din sa mga partikular na panuntunang itinakda ng bawat indibidwal na institusyon sa pananalapi.

**Mangyaring magtanong para sa impormasyon tungkol sa pagbubukas ng iyong account para sa suweldo at paggawa ng awtomatikong pagbabayad para sa bayarin sa utility.**

## May karampatang parusa kung magbebenta o bibili ng deposit bank account!



- Ang pagbebenta o pagbili ng deposit bank account (ibig sabihin, pagbebenta o pagbili ng deposit account pass book o cash card) ay ipinagbabawal sa ilalim ng batas ng Japan at may mga karampatang parusa sa parehong nagbebenta at bumibili.
- Kung babalik ka na sa iyong bansa dahil sa pag-expire ng panahon ng pananatili atbp., para mapigilan ang hindi makatarungang paggamit ng mga bank account, pakikumpleto ang proseso ng pagsasara ng account sa iyong institusyon sa pananalapi.


Face to Face
一般社団法人
全国信用金庫協会


（タガログ語）

Sa Mga Kliyente ng Mga Shinkin Bank

# Kahilingan ng Pag-unawa at Kooperasyon sa Pirmihang Pagpapatunay ng Inyong Impormasyon

**- Upang masugpo ang money laundering kaugnay sa pagpopondo ng mga aktibidad ukol sa terorismo-**

Nitong nakalipas na ilang taon, lalong naging importante sa loob ng pandaigdigang pamayanan ang pagsagawa ng estratehiya at mahusay na pamamaraan para malabanan ang money laundering at mga pakanang nakalaan sa pagpopondo ng mga gawaing terorismo. Kahit sa bansang Hapon, nangyayari ang mga krimeng pampinansyal na kung saan ginagamit ang bank accounts sa pagpapatupad ng mga mapalinlang na iskema.

Ang mga institusyon pampinansyal ay nagtatatag ng iba't ibang estratehiya at mahusay na pamamaraan upang hadlangan at pigilan ang mga sinabing kriminal na pagkilos. Sa Shinkin Bank, upang makapagnegosyo o makagawa ng transaksyon nang matiwasay at walang pangamba ang aming mga pinahahalagahang kliyente, nagtatag kami ng ilang patakaran ayon sa “Batas sa Pag-iwas sa Paglipat ng Mga Kinita sa Krimen" at “Mga Alituntunin sa Money Laundering at Mga Iskemang Pananalapi na Kaugnay sa Terorismo" galing sa Ahensya ng Serbisyong Pampinansyal.

Isang bahagi ng mga estratehiyang isinasagawa ng bawat institusyong pampinansyal, **kasama na ang Mga Shinkin Bank, ay ang pagtitiyak ng kasalukuyang impormasyon ng bawat kliyente ayon sa nakaatas na pamamalakad na sunod-sunod (*).**

(*) Mayroon kaming sistema ng pagpapatunay ng nilalaman at mga pangyayaring nauukol sa transaksyon, na kung saan pirmihang tinitiyak ang mga impormasyong magkaugnay, pati na rin ang hangad at layunin ng customer, bukod pa sa ibang usapin.

Ang ganitong sistema ng pirmihang pagtitiyak ng impormasyon ng kliyente ay nagsisilbing mapanatiling ligtas ang account ng aming mga pinahahalagahang customer at hindi ito mahalo sa account o magamit ng mga kriminal na organisasyon, grupo ng mga terorista at mga katulad nito, na nagbubukas ng bank account para magamit ang pasilidad ng bangko para sa mga layuning labag sa batas.

Kung kaya hinihiling namin ang inyong pag-unawa at kooperasyon sa **aming pagsasagawa ng pirmihang pagpapatunay ng inyong impormasyon** para sa pagpapatupad ng mga sinabing layunin sa itaas.

Kamakailan lamang, sinubukan ng ilang kriminal ang pagkuha ng impormasyon ng mga kliyente sa pamamagitan ng iba't ibang mapalinlang na paraan, kung kaya lubos kaming magpapasalamat kung ibabahagi ninyo sa amin ang hindi pangkaraniwan o kahina-hinalang bagay o insidente na tumawag ng inyong pansin sa sangay nito ng Shinkin Bank na inyong ginagamit sa transaksyon.

Face to Face 一般社団法人 全国信用金庫協会 The National Association of Shinkin Banks

金融庁 Financial Services Agency